

Mga tunay na halimbawa sa hindi pagkansela ng visa dahil may wastong dahilan kung bakit hindi nagpapatala ng tirahan.

Hulyo, 2012

#### Kawanihan ng Imigrasyon, Kagawaran ng Katarungan

Sinomang banyaga na may status of residence ng Immigration Control and Refugee Recognition Act (tatawaging Immigration act sa ibaba) at naninirahan sa Japan mula katamtaman hanggang mahabang panahon (Basahin ang nakasaaad sa hulihan tungkol sa kumpletong detalye ng sinasaklaw ng mid-long term visa), ay makakasama sa maaaring makansela ang bisa kung hindi nag-uulat ng tahanan (pangunahing lugar na tinatahanan sa Japan) sa loob ng 90 na araw mula sa pinakabagong petsa ng kaniyang pagdating sa bansa, araw na pagkakaroon ng mid-long term visa dahil sa pag-a-apply ng change of status of residence, o kaya ay araw na siya ay umalis sa tahanan na nauna niyang iniulat (, maliban lamang kung may “wastong dahilan”. (basahin ang artikulo 22-4 takda 1 , blg. 8 o kaya ay 9 ng Immigrationact).

Sa pagpapalagay ng kawanihan ng imigrasyon, kagawaran ng katarungan, na maipatupad ang pagbibigay linaw sa pagpapakansela ng visa, aming ipapahayag ang mga pangunahing halimbawa sa hindi pagkansela ng visa dahil mayroon itong “wastong dahilan” (ang pasya kung ikakansela o hindi ang visa, ay magiging ayon sa indibidwal/aktwal na sitwasyon at hindi lamang limitado sa mga tunay na halimbawa na ipapakita sa hulihan).

Gayunman, mayroon kaming plano na magdagdag ng mga tunay na halimbawa sa hindi pagkansela ng visa kung kinakailangan upang i-ayon ang sitwasyon kaugnay sa pagpapatupad sa sistema ng kanselasyon ng visa.

#### Paglalarawan

- 1 Kung Nawalan ng tirahan dahil sa biglaang pagkalugi ng pinapasukang kumpanya o kaya ay itatanggal sa trabaho at iba pa, at walang pang bagong tirahan dahil sa wala pang kakayahang pinansyal at iba pa.
- 2 Kung kinakailangan ng panandaliang mapagkukublihan o kaya ay proteksyon dahil sa panakit ng asawa (o DV (Domestic Violence)).
- 3 Kung napatunayan na nasa loob ng ospital at iba pa dahil pagpapagamot ng sakit at walang ibangtao na maaaring pumalit sa may katawan upang magpatala.
- 4 Kung nagpapabalik-balik sa loob at labas ng bansa dahil sa biglaang biyahe kaugnay sa trabaho

at iba pa at kasalukuyang nasa labas ng bansa gamit ang re-entry permit (kasama ang special re-entry permit)

5 Kung hindi nakatakda ang tahanan dahil sa kaniyang katangian ng gawain sa Japan, halimbawa madalas ang paulit-ulit na biyaheng kaugnay sa trabaho at dahil dito ay maikli lamang ang panahon ng kaniyang pananatili sa Japan bawa't beses , at iba pa.

<Period of stay na pumapailalim sa Mid-long term visa>

Sinomang banyaga na may status of residence ng Immigration act, naninirahan sa Japan ng katamtaman hanggang sa mahabang panahon, at hindi pumapailalim sa alinmang kategorya mula (1) hanggang (5) na nakasulat sa ibaba.

- (1) Sinomang binigyan ng [3 buwan] pababa na period of stay.
- (2) Sinomang binigyan ng "Short-term" stay na visa.
- (3) Sinomang binigyan ng [Diplomatic] o kaya ay [Government Official] visa
- (4) Sinomang sinasaklaw ng ordinansa ng kagawaran ng katarungan na tumutukoy sa isang banyaga na binabanggit sa (1) hanggang (3).
- (5) Special Permanent Resident

<Mga alituntunin sa Immigration Act>

Immigration Control and Refugee Recognition Law (Bahagi)

(Kanselasyon ng Visa)

Artikulo 22-4 Maaaring ikansela ng ministro ng kagawaran ng katarungan ang visa ng isang banyagang naninirahan sa Japan at nagtatagan ng visa tulad ng binabanggit sa naunang column ng Attachment blg. 1 o 2 (maliban sa sinomang mayroong refugee recognition ayon sa takda 1 ng artikulo 61-2), kapag siya ay napag-alaman na may sitwasyong tulad ng nakasulat sa bawat sumusunod na pahayag, sa pamamagitan ng alituntunin na itinakda sa ordinansa ng kagawaran ng katarungan.

1~7 (Nilaktawan)

8-Hindi pag-uulat ng sinoman, may tatak o pahintulot ng "entry permission" na binabanggit sa talata blg.1 o blg.2 ng naunang kabanata o tumanggap ng pahintulot ayon sa talatang ito o kaya ay pahintulot ayon sa artikulo 50 takda 1 o artikulo 61-2-2 takda 2 at nabigyan ng panibagong visa na mid-long term, hindi pag-uulat ng kaniyang bagong tirahan sa ministro ng kagawaran ng katarungan sa loob ng 90 araw simula sa araw na tinatakan o pinahintulutan ang bagong "entry permission" na ito (maliban lamang kung may wastong dahilan anghindi pag-uulat).

9-Hindi pag-uulat ng sinomang banyaga na naninirahan ng katamtaman hanggang mahabang panahon sa Japan ang lugar ng kaniyang bagong tirahan sa loob ng 90 araw simula sa arawna siya ay

umalis sa tirahan na nauna niyang ipatala sa ministro ng kagawaran ng katarungan (maliban kung mayroong wastong dahilan kung bakit).

10 (Nilaktawan)